3rd Story


# Ang batang lalaki sa templo

The Boy in the Temple.


www.kidsworship.kr


# Ang batang lalaki sa templo

– 3rd Story –



| | |
|---|---|
| Dave the donkey | Kamusta mga bata! Naaa-lala niyo pa ba ako? Ako ay kasama nina Maria at Jose. Ako nga pala si David! Ako ang nagdala kay Maria sa Bethlehem, at ipinagbubuntis niya nuon ang batang si Hesus. Ay Waw······ medyo mahirap yun. Ngunit ako lamang ang makakatulong. Kinarga ko lahat ng mga gamit, at si maria ang nagturo ng daan kasama ang batang si Hesus. |
| Sunny | Ah! Gaano katagal nangyari iyon itay? |
| Dave the donkey | Nakikita mo ba ang batang lalaking iyon anak? |
| Sonny | Opo tay. |
| Dave | Siya ay si Hesus. Siya ay anak ni Jose at ni Maria. |
| Sonny | Kilala ko po siya tay. Palagi ko po siyang nakikita. |
| Dave | Mabuti naman. Naikwento ko na ba sa iyo kung ano ang nangyari Sakanya noon bago kapa ipinanganak? |
| Sonny | Ano pong ibig niyong sabihin tay? |
| Dave | Para sai yong kaalaman, Noon kami ay naglalakbay patun-gong Jerusalem, tatlong beses sa isang taon para sa pyesta. |
| Sonny | Opo. |
| Dave | Buweno, bago ka ipinanganak noon, ginawa namin iyon. Nagtungo kami sa Jerusalem. Si Jesus ay labing-dalawang taong gulang noon, kung kayat punong puno siya ng lakas kumpara ngayon, Siguro ay mas malakas pa. Palagi Siyang tumatakbo noon sa tabi ko sa tuwing kami ay nag-lalakbay, Sapagkat ayaw niyang sumakay.<br>Gayon paman, Nakarating kami sa Jerusalem. . Ang masikip na lungsod ay mas naging masikip kaysa sa dati dahil sa lahat ng mga taong dumalo para sa pyesta. Sina Jose at Maria ay nakita ang ilang mga kaibigan kung kaya't sila ay nakipagusap. |
| Feast person | Ay! Si Jose ay naririto! |
| Feast group | Jose! Maria! |
| Feast person 2 | Ay! Naririto rin si Jesus. |
| Dave | Kumain sila at nakipag-usap sa mga tao tulad ng dati, at pagkatapos ng pista ay handa na sina Jose at Maria upang umalis kasama ang isang pangkat ng mga tao upang buma-lik sa Galilea. |





| | |
|---|---|
| Sonny | Hindi naman po nakakawili tay eh~ |
| Dave | Umalis kami at nag lakbay ng buong araw. Malayo narin kami sa Jerusalem nuon, nasa gitna na kami ng disyerto. Ng matapos nang magluto si Maria nuon ng hapunan tinawag niya si Jesus ngunit hindi niya ito Makita. Hindi rin namin Siya Mahanap. Wala Siya roon. |
| Sonny | Anong ibig mong sabihin tay? |
| Dave | Nang malaman kong tinatawag ng kanyang mga magulang si Jesus, naisip kong tumulong sa paghahanap. Habang sila ay nagpunta sa mga taong kasama naming naglalakbay, nagpunta naman ako sa mga hayop na kasama namin sa paglalakbay.<br>Paumanhin, Ngunit may napansin ba kayong batang lalaki dito? |
| Sheep | baaah.. baaah. Baaaah. |
| Dave | Ah! Hindi pala ako nakakapagsalita kagaya ng tupa. |
| Sheep | Baah.. baaah. |
| Dave | Kamusta, may napansin kabang batang lalaki dito? |
| Carmike the camel | Nakakatuwa ang iyong pagsasalita. |
| Dave | Paumanhin? |
| Carmike | Ang sabi ko, ang paraan ng pagsasalita mo ay nakakatuwa. |
| Dave | Ganun ba. Bueno, dahil naiintindihan mo ako, masasagot mo ba ang tanong ko? |
| Carmike | Oo. Ano nga ulit iyon? |
| Dave | Nakita mo ba si Hesus? |
| Carmike the camel | Hesus? |
| Dave | Yung batang lalaki. |
| Carmike the camel | Ah. Ano ang itsura niya? |
| Dave | uhm. Maliit siya,. Kulay kayumanggi ang kanyang buhok, at medyo kamukha niya ang kanyang ina. |
| Carmike | Uhm. Hindi. Wala akong napansing ganyang itchura banda rito. |
| Dave | Uhm. Sige. Salamat~ |
| Dave | Hmm. Nasaan kaya si Hesus? |
| Jose at Maria | Hesus!!! Hesus!! Nasaan ka?!!!!! |
| Dave | Hindi mahanap nina Maria at Jose si Jesus sa mga grupo na kasama naming naglalakbay Hindi nila alam kung ano ang maari pa nilang gawin maliban sa pagbalik sa Jerusalem at umasang naroroon si Hesus. Kaya, Iniwan namin ang grupong patungong Galilea at bumalik kami sa Jerusalem. |



| | |
|---|---|
| Sonny | A!~ Nagalit ba sila kay Hesus? |
| Dave | Kapag nakabalik na kami sa Jerusalem. Gusto nina Maria at Jose na bumalik sa mga lugar na aming pinuntahan nuong araw ng pista. Nag hanap sila sa loob ng tatlong araw! Sa wakas, sa huling lugar na pinuntahan nila, nakita na nila si Hesus. Siya ay nasa templo, Siya ay nakaupo kasama ng mga guro at nakikinig at nag tatanong sakanila. Lahat ng nakarinig sakanya ay namangha. Hindi sila makapaniwala, na ang batang lalaking ito ay naiintindihan sila. |
| Maria | Hesus!  Ako at ang iyong ama ay hinahanap ka! Wala kaming ideya kung nasaan ka! |
| Jose | Anong ginawa mo? Bakit hindi mo sinabi sa amin? |
| Hesus | Bakit ninyo ako hinahanap? Hindi niyo po ba alam na kailangan kong pumunta sa bahay ng aking ama? |
| Maria at Jose | hahh? |
| Sonny | Ha? |
| Dave | Oo, hindi ako sigurado. Hindi maintindihan nina Maria at Jose kung ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin sa kanila na kailangan niyang nasa bahay siya ng kanyang ama. Ang bahay ng kanyang ama ay nasa Galilea kung saan sila pupunta, ngunit nag-iisa siya sa Jerusalem! |
| Maria | Oras na upang umuwi, Hesus. |
| Jesus | Opo inay. |
| Sonny | Kaya, sumama siya sa kanila? Nang hindi nakikipagtalo? |
| Dave | Walang Pag tatalo. Sumama si Hesus sa kaniyang mga magulang. at magkakasama kaming apat na naglakbay pabalik sa Galilea. Pag-uwi namin sa bahay, hindi sinuway ni Jesus ang kanyang mga magulang, at ginawa niya ang lahat ng iniuutos sa kanya. |
| Sonny | Wow! Napakaganda! |
| Dave | Medyo kawili-wili, di ba? |
| Sonny | Hmm, Nangyari ba ulit ang ganyan? |
| Dave | Hindi. Isang beses lang iyon. Alam niya na naririto ang kailangan niya ngayon. Kaya, siya ay isang napaka-maayos na batang lalaki mula noon. Gayunpaman, may ibang pagkakaiba sa tinatawag nilang Jesus. |